

GABAY SA PAMUMUHAY SA LUNGSOD NG YAIZU PARA SA MGA DAYUHAN

Tagalog

2021 DISYEMBRE REBISYON



タガログ語

Ang Gabay na ito ay magagamit sa tanggapan ng munisipyo, patungkol sa impormasyon sa araw-araw na pamumuhay at lokal na aktibidad, emergensi, at serbisyong konsultasyon.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

[Maligayang Pagdating sa Lungsod ng Yaizu] P. 1

[Mga Aplikasyon sa Tanggapan ng Munisipyo]

◆ PAGPALIT NG NAKAREHISTRONG TIRAHAN SA SERTIPIKO NG TIRAHAN AT

RESIDENT KARD P. 2~4

1	NOTIPIKASYON NG LILIPAT NG TIRAHAN SA LUNGSOD NG YAIZU	2
2	NOTIPIKASYON NG PAG-LIPAT NG TIRAHAN SA LOOB NG LUNGSOD NG YAIZU	3
3	NOTIPIKASYON NG PAG-LIPAT NG TIRAHAN SA IBANG LUNGSOD	3
4	AALIS NG BANSANG HAPON	4

◆ APLIKASYON SA PAG-HINGI NG KOPYA NG SERTIPIKO NG TIRAHAN ,ATBP P. 4~6

1	MGA PANGUNAHING SERTIPIKO AT PROSESO NG PAGPAREHISTRO	5
2	TANGGAPAN NG APLIKASYON	5
3	SERBISYONG PAGKUHA NG SERTIPIKO SA TINDAHAN NA KONBINI	6
4	MY NUMBER CARD (KOJIN BANGO)	6

◆ KAPANGANAKAN AT PAGKASAWI NG BUHAY P. 8

1	NOTIPIKASYON NG KAPANGANAKAN	8
2	NOTIPIKASYON NG PAGKASAWI NG BUHAY	8

◆ RESIDENCE CARD P. 9

1	TAWAGAN NG OPISINA NG IMIGRASYON	9
---	----------------------------------	---

◆ SEGURO NG KALUSUGAN AT PAMBANSANG PENSIYON P. 10~12

1	SEGURO SA KALUSUGAN SA NAG TATRABAHO	10
2	SISTEMA NG ALAGANG PANGKALUSUGAN NG MATATANDA	10
3	PAMBANSANG SEGURO SA KALUSUGAN	10

4 PAMBANSANG PENSYON	11
----------------------	----

◆ SEGURO SA PAG-AALAGA P. 13~14

1 SEGURO SA PAG-AALAGA	13
------------------------	----

◆ MEDIKO · PAGESUSURING MEDIKO P. 15

1 ALAGANG PRENATAL AT EKSAMINASYONG MEDIKO PAMBATA AT BAKUNA	15
2 PAGESUSURING PANG-KALUSUGAN	15
3 ALAGANG MEDIKO	15

◆ BUWIS P. 16~18

1 BUWIS NG KINIKITA	16
2 BUWIS NG MAMAMAYAN	16
3 BUWIS NG ARI-ARIAN · BUWIS NG PLANO SA LUNGSOD	17
4 BUWIS NG MALILIIT NA SASAKYAN (KLASIPIKASYON)	17
5 PAMBANSANG SEGURO SA BUWIS	17
6 BAYARAN NG BUWIS	18

◆ PAARALANG NURSERY · KINDERGARTEN · PAARALAN P. 19~22

1 NURSERY	19
2 KINDERGARTEN	19
3 PAARALANG ELEMENTARYA AT HAISKUL	20
【PARA SA ESTUDYANTE NG ELEMENTARYA AT HAISKUL】 - PARAAN SA APLIKASYON	21

◆ SUPORTA SA BATA

SERTIPIKO NG BENEPISYARYO NG MEDIKAL NA GASTUSIN SA MGA BATA P. 23

1 SUPORTA SA BATA	23
2 SERTIPIKO NG BENEPISYARYO NG MEDIKAL NA GASTUSIN SA MGA BATA	23

[PANGUNANG LUNAS]

◆ SUNOG · BIGLAANG SAKIT · AKSIDENTE SA GAS P. 25

1	SUNOG	25
2	BIGLAANG SAKIT	25
3	AKSIDENTE SA GAS	25

◆ AKSIDENTE SA DAAN • KRIMEN P. 26~27

1	AKSIDENTE SA DAAN	26
2	KRIMEN	26

◆ SAKUNA (LINDOL • BAGYO) P. 28~29

1	LINDOL	28
2	IMPORMASYON KAUGNAYAN SA LINDOL NG KANAL NG NANKAI	28
3	BAGYO	28
4	PAGSASANAY SA PAGLISAN KUNG MAY SAKUNA	29
5	YAIZU BOSAI E-MAIL	29

[ARAW-ARAW NA PAMUMUHAY]

◆ MENSAHE NG LUNGSOD NG YAIZU P. 25

1	PAHAYAGAN NG LUNGSOD	30
2	WEBSITE NG LUNGSOD NG YAIZU	30
3	ABISO GALING NG MUNISPYO	30

◆ KONSULTASYON P. 31~32

1	KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHAN (SENTRO PARA SA MULTIKUTURAL NA PANGKALAHATANG KONSULTASYON SA LUNGSOD NG YAIZU)	31
2	TANGGAPAN NG SARI'T-SARING KONSULTASYON	31
3	KONSULTASYON PARA SA MGA BATA	32
4	KONSULTASYON UKOL SA PAGLAKI NG BATA	32
5	KONSULTASYON SA DV	32

◆ PABAHAY P. 33

1	PRIBADONG PABAHAY	33
2	PUBLIKONG PABAHAY NG YAIZU • PUBLIKONG PABAHAY NG SHIZUOKA	33

- ◆ ILAW, TUBIG, GAS P. 34
- ◆ KAPISANAN NG KAPITBAHAYAN P. 35
- ◆ PAGTATAPON NG BASURA P. 36~49

[LISTAHAN NG PUBLIKONG PASILIDAD NG LUNGSOD NG YAIZU]

- ◆ LISTAHAN NG PUBLIKONG PASILIDAD SA SIYUDAD NG YAIZU P. 50~51

[PAARALAN NG WIKANG HAPON]

P. 52~53

[IBA'T-IBANG TANGGAPAN NG KONSULTASYON SA MUNISIPIYO]

P. 54~57

- KAPAG GUSTO KUMONSULTA PATUNGKOL SA PAGTIRA SA JAPAN(VISA), PAG A-ARAL SA WIKANG HAPON, SEGURO NG KALUSUGAN, BUWIS, ESKWELAHAN NG BATA, AT OSPITAL (P.54)
- KONSULTASYON SA PAGLAKAD NG PAGPUNTA AT PAGTIRA SA BANSANG HAPON (P.54)
- KONSULTASYON SA KARAPATAN PANTAO(P.55)
- KONSULTASYON SA MY NUMBER KARD (P.55)
- PAGHA-HANAP NG TRABAHO(P.55)
- KAPAG MAY KONSULTASYON SA PROBLEMA SA TRABAHO (P.56)
- KAPAG MAY PROBLEMA SA VISA, NASYONALIDAD, KULTURA SA PAMUMUHAY AT RELIHIYON, PAMILYA AT PAMUMUHAY SA BANSANG HAPON, TRABAHO AT PERA, DISKRIMINASYON AT PANANAKIT (P.57)

[ALAGAAN ANG ANAK GAMIT ANG SARILING WIKA]

P. 58

GABAY SA PAMUMUHAY SA LUNGSOD NG YAIZU PARA SA MGA DAYUHAN

[MALIGAYANG PAGDATING SA LUNGSOD NG YAIZU]

Ang lokasyon ng Yaizu ay nasa gitna ng Tokyo at Nagoya, ang tabing-dagat ay may 15.5km galing norte hanggang timog ng Suruga Bay. Marami itong magagandang tanawin kagaya ng Mt. Fuji at Mt. Takakusa (may tangkad na 501m.) at ito ay nagiging tore ng lungsod.

Ang pangingisda ay ang pangunahing industriya ng lungsod ng Yaizu. May sarit-saring isda na makukuha sa tatlong piyer. Ang Yaizu port, ay sagana sa bonitos at tuna. Ang Kogawa port naman ay may mga isdang alumahan na marami rin sa karagatan ng Shizuoka. Ang Oigawa port ay kilala na may maraming maliliit na hipon at whitebalt. At ang lungsod ng Yaizu ay nakikilala sa pagiging sikat bilang lungsod ng palaisdaan sa bansa ng Japan.

May mga liwasan na mainit na batis ang lungsod ng Yaizu, at ito ay nakikilala na nakakabuti sa kalusugan at kagandahan ng katawan.

Kami ay umaasa na kayo ay mamumuhay ng maganda at sana'y maaliw sa inyong pagtira at nawa'y magandang relasyon sa kapwa mamamayan.

MUNISIPYO NG YAIZU(MAIN BRANCH)

425-8502

Shizuoka-ken Yaizu-shi Hon-machi,

2-16-32

TEL: 054-626-1111

FAX: 054-626-2185

MUNISIPYO NG YAIZU SA OIGAWA

421-0205

Shizuoka-ken Yaizu-shi, Munadaka 900

TEL: 054-662-0541

FAX: 054-662-0834

Bulaklak ng Lungsod ng Yaizu: Satsuki/ Azalea

Puno ng Lungsod ng Yaizu: Matsu / Pine Tree

Ibon ng Lungsod ng Yaizu: Yuri-Kamome / Seagull

[MGA APLIKASYON SA MUNISIPYO]

◆ **SERTIPIKO NG TIRAHAN (JUMINHYO) RESIDENT KARD (ZAIRYU KA-DO)**

Seksyon ng Serbisyong Publiko (SHIMINKA) Tel : 054-626-1116

Sentro ng Serbisyo sa Mamayan ng Oigawa (OIGAWA SHIMIN SABISU SENTA)

Tel : 054-662-0541

**1. NOTIPIKASYON SA LILIPAT NG TIRAHAN SA LUNGSOD NG YAIZU
(TENYU TODOKE)**

Kung nakalipat na kayo ng Yaizu at galing kayo sa ibang lungsod o galling ng ibang bansa at bumalik sa bansang Hapon (Lungsod ng Yaizu) ay kailangang magbigay alam sa tanggapan ng munisipyo ng Yaizu sa loob ng 14 na araw simula ng iyong paglipat. (Hindi maaring magbigay alam kung hindi pa nakalipat sa Syudad ng Yaizu.)

Hindi kailangan ipa-alam sa munisipyo ang pag alis ng bansa kapag ito ay saglit na panaon lamang.

<Ang may karapatan na mag proseso>

- Ang mismong titira at kasapi sa kabahayan na pamilya

<Kailangang dalhin >

- Resident kard (Zairyu Ka-do)
- Sertipiko ng paglipat ng tirahan (Kapag ang pinanggalingan ay saloob lang ng bansa)
 - ※Sertipiko galing sa munisipyo ng naunang tirahan
- Pasaporte (Kapag galling ng ibang bansa at magpapa rehistro sa Japan(Lungsod ng Yaizu)
 - ※May tatak na pumasok ng bansa (Bansang Hapon)
 - My Number (personal na numero) na kard, o ang sertipiko ng pagiging residente (Jumin Kihon Daicho) kung mayroon.
 - Sertipikong magpapatunay ng relasyon sa pangulo ng bahay at ang translation nito (Kapag mag isa lamang sa bahay ay hindi ito kailangan)
 - ※ Kapag walang maipapasang sertipikong magpapakita ng relasyon aymagiging kasama sa bahay (Lodger) lamang ang relasyon.

※Kapag lilipad sa lungsod ng Yaizu galling ibang lungsod na sumasakay ng kotse na ang plate number ay hindi Shizuoka, kailangan itong palitan saloob ng 15 araw mula ng paglipat.

【Matatawagan】

Maliit na sasakyan: Light Motor Vehicle Inspection Organization of Shizuoka Office

Normal na sasakyan: Shizuoka Land Transport Bureau(Shizuoka District Transport Bureau)

2. NOTIPIKASYON NG PAG-LIPAT NG IBANG TIRAHAN SA LOOB NG YAIZU (TENKYO TODOKE)

Kung ikaw ay lilipat ng tirahan sa loob ng lungsod ng Yaizu, magbigay alam sa loob ng 14 na araw simula ng iyong paglipat. (Hindi maaring magbigay alam kung hindi pa nakalipat sa bagong tirahan.)

< Ang may karapatan na mag proseso >

- Ang mismong titira at kasapi sa kabahayan na pamilya

< Kailangang dalhin >

- Resident kard (Zairyu Ka-do)
- Kard ng pambansang seguro sa kalusugan (Kokumin Kenko Hokensho) o ang sertipiko ng benepisyaryo ng medikal na gastusin sa bata (Kodomo Iryohi Jukyushasho) atbp na galing sa munisipyo ng Yaizu.
- My Number (personal na numero) Kard, o ang sertipiko ng pagiging residente (Jumin Kihon Daicho) kung mayroon.
- Sertipikong magpapatunay ng relasyon sa pangulo ng bahay at ang translation nito (Kapag mag isa lamang sa bahay ay hindi ito kailangan)
 - ※Kapag walang maipapasang sertipikong magpapakita ng relasyon sa pangulo ng bahay ay magiging kasama sa bahay (Lodger) lamang ang relasyon.

3. NOTIPIKASYON NG PAG-LIPAT (PAG-ALIS) NG TIRAHAN SA IBANG LUNGSOD (TENSHUTSU TODOKE)

Kung ikaw ay lilipat ng ibang lugar, kailangang magbigay alam sa tanggapan ng munisipyo ng Yaizu. Humingi ng “Sertipiko ng paglipat paalis ng Yaizu” (Tenshutsu Shomeisho). Kailangang gawin ang mga proseso sa loob ng 14 na araw bago makalipat sa ibang lungsod.

< Ang may karapatan na mag proseso >

- Ang maglipat at kasapi sa kabahayan na pamilya

< Kailangang dalhin >

- Resident kard (Zairyu Ka-do)
- Kard ng pambansang seguro sa kalusugan (Kokumin Kenko Hokensho) o Kard ng naka rehistro na selyo, sertipiko ng benepisyaryo ng medikal na gastusin sa bata (Kodomo Iryohi Jukyushasho) atbp na galing sa munisipyo ng Yaizu
- My Number (personal na numero) kard, o ang sertipiko ng pagiging residente (Jumin Kihon Daicho) kung mayroon.

4. AALIS NG BANSANG HAPON (TENSHUTSU TODOKE)

Kung aalis ng bansang Hapon, bago lumisan kailangang magbigay alam (tenshutsu-todoke) sa pag-alis(Hindi kailangan ipa-alam sa munisipyo ang pag alis ng bansa kapag ito ay saglit na panaon lamang).

< Ang may karapatan na mag proseso >

- Ang aalis ng Japan at kasapi sa kabahayan na pamilya

< Kailangang dalhin >

- Resident kard (Zairyu Ka-do)
- Kard ng pambansang seguro sa kalusugan (Kokumin Kenkou Hokencho) o Kard ng naka rehistro na selyo, sertipiko ng benepisyaryo ng medikal na gastusin sa bata (Kodomo Iryohi Jukyushashou) atbp na galing sa tanggapan ng munisipyo.
- My Number (personal na numero) kard, o ang sertipiko ng pagiging residente (Jumin Kihon Daicho) kung mayroon.

◆ **APLIKASYON SA PAG-HINGI NG KOPYA NG SERTIPIKO NG TIRAHAN, ATBP (JUMINHYO)**

Seksyon ng Serbisyong Publiko (SHIMINKA) Tel : 054-626-1116

Sentro ng Serbisyo sa Mamamayan ng Oigawa (OIGAWA SHIMIN SABISU SENTA)

Tel : 054-662-0541

1 MGA PANGUNAHING SERTIPIKO AT PROSESO NG PAGPAREHISTRO .

Pangalan ng Sertipiko	Halaga (¥)
Sertipiko ng Selyo (Inkan Shomesho)	¥300
Sertipiko ng Tirahan (Juminhyo) (Indibidwal o Buong Pamilya)	¥300
Sertipiko sa Rehistro ng Pamilya (Koseki Shomesho) (Buong Pamilya o Indibidwal)	¥450
Sertipiko sa Pagkakilanlan (Mibun Shomeisho)	¥300
Sertipiko sa Kita/Sweldo (Shotoku Shomeisho)	¥300
Sertipiko sa Buwis (Kazei Shomeisho) Sertipiko sa Buwis ng Mamamayan (Juminzei Kazei (Hikazei) Shomeisho)	¥300
Sertipiko sa Binayad na Buwis (Nozei Shomeisho) Sertipikong Walang Natirang Bayarin sa Buwis (Kanno Shomesho)	¥300
Sertipiko sa Binayad na Buwis sa Maliliit na Sasakyan (Klasipikasyon) (Keijidoshazei (Shubetsu wari) Nozei Shomesho)	¥0
Sertipiko ng Pagsusuri at Buwis ng Gusali at Lupain (Hyoka · Koka Shometo)	¥300 ¥50 ang patong ng kada bloke ng lupain at gusali
Sertipiko sa Negosyo (Egyo Shomesho)	¥300
Rehistro sa Selyo (Inkan Toroku)	¥300

2 TANGGAPAN NG APLIKASYON (MADO GUCHI)

Seksyon ng Serbisyong Publiko, Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan ng Oigawa, Serbisyo ng Mamamayan ng Otomi (Otomi Kominkan), Serbisyo ng Mamamayan ng Omura (Omura Kominkan).

< Ang may karapatan na mag proseso >

- Ang mismong nangangailangan o kasapi ng pamilya sa parehong Household.
- Tao(Proxy) na nagdala ng Porma ng Awtorisasyon na sinulatan ng may-ari

※Subalit, kinakailangan ng Porma ng Awtorisasyon kapag ang kukuha ng Sertipikong Pagkatao: Mibun Shomeisho ay ibang tao at hindi ang may-ari.

< Kailangang dalhin >

- ID (Residence card, pasaporte, lisensya sa pagmamaneho, etc.)

- ID ng Proxy, kung nag-papakuha ang may-ari ng Sertipiko at ang mayroong Power of Attorney o Kasulatan na may lagda ng may-ari ng sertipiko.
- Sa pagkuha ng Sertipiko ng Rehistradong Selyo: Inkan Shomeisho ay kailangan ang Kard ng Rehistradong Selyo.

3 SERBISYONG PAGKUHA NG SERTIPIKO SA TINDAHAN NA KONBINI (SHOME SHO KONBINI KOFU SABISU)

Ang mayroong My Number kard, makakakuha ka ng mga sertipiko tulad ng kopya ng Sertipiko ng Tirahan, Sertipiko sa Kita/Sweldo (Shotoku Shomeisho) sa makina ng tindahan na konbini sa buong bansa.

- Mga pangunahing Tindahan na Konbini at mall na makaka gamit ng serbisyo saloob ng lungsod.

Seven Eleven, Lawson, Family Mart, Ministop, Aeon Yaizu

- Magagamit na Oras

6:30am~11:00pm (Magagamit kahit Sabado, Linggo at Holiday)

*Makakakuha lamang sa mga oras na bukas ang Aeon Yaizu Branch.

*Hindi magagamit tuwing may nagaganap na teknikal mentenans at sa katapusan at bagong taon. (Disyembre 29 ~ Enero 3)

*Ang Sertipiko ng Rehistro ng Pamilya, Sertipiko ng Pamilya (nakasulat ang tinitirahan) ay makukuha sa Lunes~Biyernes ng 9:00am~5:00pm.

4 MY NUMBER KARD (PERSONAL NA NUMERO) (KOJIN BANGO)

Ang My Number (Personal na Numero) Kard (inshort [kard] ang ilalagay) ay may nakasulat na personal na numero at may larawan na kard. Ito ay magagamit na bilang isang ID maliban ditto magagamit din ito sa serbisyo ng tindahan na konbini, maaari rin itong magamit para sa mga serbisyo gamit ang mga elektroniko na sertipiko tulad ng mga elektronikong aplikasyon tulad ng e-tax, at bilang kard ng Seguro ng kalusugan.

- Mag-ingat lamang sa pagputol ng bisa nito

Ang pagputol ng bisa nito ay kasabay ng pagputol din ng resident kard. Kapag gusto ito ipa-haba ang pag gamit ay pagkatapos ipa-extend ang bisa sa resident tsaka palang ito asikasuhin. Dahil kapag naputol na ang resident kard tsaka ito ginawa ay mag babayad ng ¥1,000.

※Sa mga taong permanente na dito sa Japan ay pagkatapos magpagawa ng resident kard, pang sampung birthday ang magiging araw ng expiration nito.



Mag-ingat sa araw na pagwalang bisa!

◆ **KAPANGANAKAN AT PAGKASAWI NG BUHAY (SHUSSHO·SHIBO)**

Seksyon ng Serbisyong Publiko (SHIMINKA) Tel : 054-626-1116

Sentro ng Serbisyo sa Mamamayan ng Oigawa (OIGAWA SHIMIN SABISU SENTA)

Tel : 054-662-0541

1 **NOTIPIKASYON NG KAPANGANAKAN (SHUSSHO TODOKE)**

Kailangang magbigay-alam sa tanggapan ng munisipyo (Shussho-todoke) tungkol sa kapanganakan sa loob ng 14 na araw simula sa araw ng kapanganakan.

< Mga kailangang dalhin >

- Pangkalusugan na handbook o libro ng ina at anak
(Boshi Kenko Techo)
- Resident kard ng magulang (Zairyu Ka-do)
- Pasaporte ng magulang

※Kailangang pumunta ng Immigrasyon sa loob ng 30 na araw mula kapanganakan upang humingi ng pahintulot na tumira sa Japan. Mag-ingat dahil kapag hindi ito naasikaso saloob ng 60 na araw mabubura ang sertipiko ng residente.

Para malaman ang mga kailangan na dokumento ay mangyaring magtanong sa opisina ng imigrasyon.

※Kung ang magulang ng bata ay parehas na dayuhan ay kahit na siya ay pinanganak sa bansang Hapon ay hindi ito magiging mamamayan ng bansang Hapon. Mag pasa sa embahala(o sa konsulado) ng ROB (shusse todoke). Para malaman ang kailangan na dokumento na ipapasa at karagdagan impormasyon ay mangyaring tumawag sa embahala(o sa konsulado).

2 **NOTIPIKASYON SA PAGKASAWI NG BUHAY (SHIBO TODOKE)**

Magbigay alam sa tanggapan ng munisipyo ng pag-kasawi ng buhay (Shibo-todoke) sa loob ng 7 araw.

< Kailangang dalhin >

- Ang resident kard (Zairyu Ka-do) ng nagbigay ng notipikasyon.

※Kailangan ibalik sa imigrasyon ang resident kard ng nasawi. Tumawag lamang sa opisina ng imigrasyon para sa karagdagan impormasyon

◆ **RESIDENT KARD (ZAIRYU KA-DO)**

Pumunta sa imigrasyon para humingi ng resident kard “Zairyu Ka-do”. Dahil ito ay hinde nakukuha sa tanggapan ng munisipyo. Mangyaring tumawag sa opisina ng Imigrasyon para sa karagdagang impormasyon.

1 Tawagan ng Opisina ng Imigrasyon

Opisina	Telepono	Oras
Nagoya Regional Immigration Bureau	052-559-2150	9 am~4 pm (Sarado ng Sabado, Linggo, at Nasyonal na Holiday)
Shizuoka Branch Office	054-653-5571	
Hamamatsu Branch Office	053-458-6496	

※ Impormasyon (Ekspirasyon ng Resident kard) Zairyu Ka-do

Estado ng Residensya	16 Taong gulang pataas	16 Taong gulang pababa
Sa hindi permanente na residente.	Hanggang sa petsa ng ekspirasyon ng panahon ng pananatili.	Sa alinman ang mauna sa petsa ng ekspirasyon ng panahon ng pananatili, o sa ika 16 na kaarawan.
Permanente	Hanggang sa ekspirasyon ng resident kard.	

◆ SEGURO NG KALUSUGAN AT PAMBANSANG PENSIYON

(KENKO HOKEN · KOKUMIN NENKIN) ◆

Sa bansang Hapon, bilang pangkalahatang tuntunin, ang lahat ng tao ay dapat sumali sa isa sa mga medikal na seguro. Alinsunod sa Seguro para Kalusugan, ang segurong medikal na ito ay tinatawag na 「Seguro ng Kalusugan: Kenko Hoken」.

May 3 uri ang Seguro sa Kalusugan, KENKO HOKEN (Health Insurance) ito ay makakamit galing sa inyung pinag ta-trabahoan na SHAKAI HOKEN (Social Insurance), KOKI KOREISHA IRYO SEIDO, o Sistema ng Alagang Pangkalusugan ng Matatanda, may 75 taong gulang pataas (at sa mga may kapansanan ay 65 taong gulang pataas), at KOKUMIN KENKO HOKEN o Pambansang Seguro sa Kalusugan kung wala kayong seguro na gaya ng nakasulat sa taas.

Sa tuwing mapapatingin sa isang ospital, huwag kalimutan dalhin ang Kard ng Seguro sa Kalusugan: Hokensho.

1 SEGURO SA KALUSUGAN SA NAG TA-TRABAHO (SHAKAI HOKEN)

(KYOKAI KENPO, KENKO HOKEN KUMIAI)

30% ang babayaran mula sa gastusin sa medikal na konsulta sa ospital ng may seguro sa pinagtarabahoan, kapag ang nakaseguro at ang kanilang mga nagdedepende na pamilya ay may sakit o naaksidente. Ang bayad ng seguro ay nag-iiba depende sa kita, ngunit ang tagapag-employo ang magbabayad ng kalahati ng gastos.

2 SISTEMA NG ALAGANG PANGKALUSUGAN NG MATATANDA (KOKI KOREISHA IRYO SEIDO)

Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon (Kokuho Nenkin-ka)

Tagapasiwa sa Alagang Pangkalusugan ng Matatanda (Koki Koreisha Tanto) Tel: 054-626-2164

Ito ay para sa mga 75 taong gulang pataas at sa mga may kapansanan na 65 taong gulang pataas. Ang may-ari ng seguro ay magbabayad ng alinman sa 10%, 20%, 30% sa ospital at ito ay depende sa kinikita. Ang pinagbabatayan sa bayarin ng seguro ay depende sa kinikita sa trabaho at sa tagal ng kontribusyon ng nakaanib ng kada tao kaya naman isa-isa itong kinakalkula.

3 PAMBANSANG SEGURO SA KALUSUGAN (KOKUMIN KENKO HOKEN)

Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon (Kokuho Nenkin-ka)

Tagapangasiwa sa Seguro · Benipisyo (Hoken Tanto · Kyufu Tanto) Tel: 054-626-1113/ 054-626-1112

Sa mga nakatira sa Yaizu at mayroong seguro kapag nagpapa ospital dahil sa sakit o aksidente ay magbabayad ng 30% (sa estudyante ng elementray ay 20%, sa mga may edad na 70-74 ang babayaran ay 20-30% dipendse sa kinikita nito). Sa mga dayuhan na hindi nabigyan na magpatuloy manirahan ng mahigit 3 bwan sa bansang Hapon at sa mga nag tratabaho na mayroon seguro sa kalusugan sa nagtra-trabaho (Shakai hoken) ay hindi pinapahintulutan magkaroon ng pambansang seguro ng kalusugan.

●PARAAN NG PAGSALI AT PAG-ALIS

Kailangan sa munisipyo asikasuhin ang pagsali at pag-alis ng pambansang seguro sa kalusugan.

* Ipatigil ang seguro sa pinagtatrabahoan kapag wala ng trabaho, at kung gustong kumuha ng Pambansang Seguro sa Kalusugan, dalhin ang dokumento sa pagtigil sa trabaho at ang resident kard at ang malalaman ang personal na numerong dokumento (tulad ng my number kard).

* Kung may seguro na sa trabaho at gustong itigil ang Pambansang Seguro sa Kalusugan. Dalhin ang sulat na ipinagkaloob ng kumpanya o ang kard ng seguro ng trabaho at resident kard at ang malalaman ang personal na numerong dokumento (tulad ng my number kard). Sa kasong ito, kailangang bayaran ang buwis ng seguro hanggang sa nakaraang buwan ng pagtigil ng Pambansang Seguro sa Kalusugan.

●MATAAS NA GASTOS SA MEDISINA

Kapag ang binayaran ng isang tao sa ospitas sa isang bwan ay nalagpasan ang isinaad na halaga ay mag pasa lamang ng apikasyon para mabalik ang nagastos na halaga. Ang mga mapapasama dito ay magbibigay ng porm ng aplikasyon pagkalipas ng dalawang buwan mula sa munisipyo. Kaya naman huwag hayaan makaligtaan ito.

●KAPAG NANGANAK AT NASAWIAN

Kapag nanganak ang nakasali sa pambansang seguro ng kalusugan makakatanggap ito ng suporta para sa panganganak(Lump Sum Birth Allowance/shussan ikuji ichijikin). At kapag yumao ang nakasali sa pambansang seguro ng kalusugan makakatanggap ang nagpalibing ng nagatos sa pampalibing. Parehas na kailangan magpasa ng aplikasyon para makatanggap nito.

4 PAMBANSANG PENSYON (KOKUMIN NENKIN)

Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka)

Tagapangasiwa sa Pensyon(Nenkin Tanto) Tel : 054-626-1114

Ang panukala ng pensyon ay nasa ilalim ng Nihon Nenkin Kiko (Japan Pension Service). Ang kahit sino na nakatira sa bansang Hapon simula sa 20 hangang 60 taong gulang ay kailangang sumali sa Pambansang Pensyon. Ang kontribusyon na 10 taon sa may eksempsyon na taon ay makakatanggap ng pensyon sa ika 65 taong gulang.

Kung umalis ng bansang Hapon at may kontribusyon ng mahigit 6 na buwan pataas, kapag gumawa ng aplikasyon para makuha ang lump-sum na refund ng binayad mula sa Japan Pension Service sa loob ng 2 taon mula sa pag-alis.

< PAMBANSANG PENSYON >

	Ang may seguro	Paraan ng pagbayad sa premyum
Kategorya 1	Magsa-saka at mangingisda, sariling negosyo, freelance, studyante, walang trabaho. Edad:20~60 taong gulang pababa	Ang galing sa opisina ng Pambansang Pensiyon(Nenkin Jimusho) na payslip ay bayaran sa konbini na tindahan o banko. Posible din mabayaran sa credit card.
Kategorya 2	Sa mga nagtatrabaho na may kontribusyon sa Employees' Pension Insurance(KOSEI-NENKIN) o sa Seguro sa Mutual-aid Pension(KYOSAI-NENKIN)	Ibabawas sa sweldo
Kategorya 3	Ang asawa sa kategorya 2.	Hindi kailangan bayaran, ito ay kasali sa pinasukang Pension system(Kategoriya 2) ng asawa.

◆ SEGURO SA PAG-AALAGA (KAIGO HOKEN)

Seksyon sa Seguro sa Pangangalaga ng Matatanda (Kaigo Hoken-ka) Tel : 054-626-1159

Mabilis na dumarami ang matatanda sa lipunan ng Japan. Dahil sa pagdami ng matatanda ay estimado na maging esensyal ng pangangailangan ng pangangalaga subalit tayo ay nasa situwasyon kung saan mahirap maagapan ito dahil sa pagbaba ng bilang bata at nuclear family.

Dahil sa layunin na maagapan at mabigyan ng estableng pamumuhay ang lipunan kahit pa dumating ang panahon na kakailanganin ito, ang 「Sistema ng seguro sa pangangalaga」 ay itinayo noong Abril 2000.

Ang mga subkriber ang nagbabayaran sa seguro at sistema ito na kung kailangan ng welfare service, ang taon ay tatanggap ng rekognasyon para nito.

1 SEGURO SA PAG-AALAGA (KAIGO HOKEN)

● Nagpapatupad na Nangangatawan

Ang munisipalidad ang nagpapatupad sa seguro sa pangangalaga ng matatanda. Bilang mga tagaseguro sa tanggapan ng munisipyo, nagpapatukbo ng negosyo sa mga premyum ng seguro at mga pampublikong gastos bilang mapagkukunang pinansyal.

● Subskrayber (Mga taong may Seguro)

Ang mga subskrayber (mga taong nakaseguro) sa pag-aalaga ay may ibat-ibang uri kagaya ng Uri 1 (taong 65 taong gulang pataas) at ang uri 2 (40 hanggang 64 taong gulang na tao at nakapasok sa Seguro sa Kalusugan). Para sa mga dayohan, kung mayroon kang pahintulot na mananatili sa Japan nang higit sa 3 buwan, dapat kang magpatala sa seguro sa pangangalaga.

Sa uri 1 ay kahit anuman ang dahilan ng sakit, ang uri 2 ay kinakailangang makakuha ng sertipikasyon ng pangangalaga kung kinakailangan para sa pangangalaga dahil sa sakit (tiyak na uri ng sakit) Makatanggap at maaari mong gamitin ang serbisyo ayon sa bawat estado ng pangangailangan ng pangangalaga.

● Premyum ng Seguro

Ang uri 1 na seguro ay binabawas sa pamamagitan ng pagbawas mula sa pensiyon o sa pamamagitan ng pagbabayad nang direkta . Ang uri 2 na seguro ay magbabayad kasama ng Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan (Kokumin Kenko Hokenzei) o sa Seguro sa Kalusugan sa lugar ng pinag-tatrabahuan . Para sa uri 1 at ng uri 2 na seguro, ang premyum ay kinakalkula ayon sa situwasyon ng buwis at kita ng puno ng pamilya.

●Halaga ng Pasanin Kapag Ginagamit ang Serbisyo

Kapag ginagamit ang serbisyo ng nakakaseguro sa pangangalaga, ang halaga na papasanin kapag ginagamit ang serbisyo ay 10 % (sa mga taong may tiyak na kita ay 20%, 30% naman sa mga taong malaki ang kita).

●Pag-Gamit ng Serbisyo sa Pangangalaga

Kapag nararamdaman na kailangan ang serbisyo ng pangangalaga, kailangang mag-aplay para sa sertipikasyon ng pangangalaga sa munisipyo, at pinagpapasiyahan kung kailangan o hindi ang serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ng pagsusuri, at pag-apruba upang makakuha ng uri ng antas ng pangangalaga. Mangyaring makipag-ugnay sa Seksyon sa Seguro sa Pangangalaga ng Matatanda para sa mga detalye.

◆ **MEDIKO · PAGESUSUSRING MEDIKO (IRYO · KENSHIN)**

1 ALAGANG PRENATAL AT MEDIKNG EKSAMINASYON SA BATA AT BAKUNA

(NINPU · NYUYOJIKENSHIN TO YOBO SESSHU)

Seksyon sa pagtataguyod ng Kalusugan (Kenko Zukuri-ka) Tel : 054-627-4111

Upang panatiliin ang kalusugan ng ina at anak, nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng:

- Pagkamit ng libreta sa pang-kalusugan ang ina at bata
- Patnubay at payo sa pag-alalaga ng Bata
- Konsultasyon at eksaminasyon tungkol sa kalusugan
- Pagbibisita ng mga kawani sa inyung tirahan para sa konsultasyon
- Bakuna

Makikita ang mga impormasyon ng mga serbisyo sa “KOHO YAIZU”
(Pahayagan ng Siyudad ng Yaizu).

2 PAG-SUSURI SA KALUSUGAN (KENKO SHINSA)

Seksyon sa Pagtataguyod ng Kalusugan (Kenko Zukuri-ka) Tel : 054-627-4111

Ang siyudad ay nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng:

- Pag-susuri ng kalusugan (Specific Health Checkups,Cancer Check-up)
- Konsultasyon sa Kalusugan
- Pagbibisita ng mga kawani sa inyong tirahan para sa patnubay sa kalusugan

3 ALAGANG MEDIKO (IRYO)

●Lunes~Biyernes

Ospital ng Yaizu (YAIZU SHIRITSU SOGO BYOIN) Tel : 054-623-3111

(Unang Pagsuri: Lunes~Biyernes, 8:00am ~ 11:00am)

(Regular na pagsuri: Lunes~Biyernes, 8:00am ~11:30am)

– Ibang klinik at Ospital

●Sabado,Linggo at Pambansang Holiday:

– Klinik at Ospital (Ito ay makikita sa “KOHO YAIZU” pahayagan ng siyudad ng Yaizu , makukuha sa unang araw ng buwan. (Naka salin sa salitang Portuguese, Spanish, at English,Tagalog at Bisaya ang “KOHO YAIZU”)

●Pang-Gabi na Klinik at Ospital

Shida Haibara Emergency Medical Center (Shida Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta)

Tel : 054-644-0099 (Lunes~Biyernes: 7:30pm-10:00pm)

(Sabado at Linggo: 7:30pm–hanggang sa kinabukasan na 7:00am)

◆ **BUWIS (ZEI)**

Kahit na dayuhan, kailangan mag bayad ng buwis kagaya sa mga residente na hapones.



1 BUWIS NG KITA (SHOTOKUZEI)

Fujieda Tax Office (Fujieda Zeimusho) Tel : 054-641-0680

Buwis na ipinapataw sa kinikita ng isang taon. Ang tumatanggap ng suweldo mula sa kumpanya ay binabawasan mula sa buwanang suweldo. Ang may kita maliban sa suweldo ay dapat magdeklara ng kinikita sa nakaraang taon sa tanggapan ng buwis sa pagitan ng Pebrero 16 at Marso 15 bawat taon. Ang deklarasyon na ito ay tinatawag na "**Kakutei Shinkoku**".

2 BUWIS SA RESIDENSYA (JUMINZEI)

Seksyon sa Buwis (Tanggapan ng Buwis ng Mamayan) Kazeika (Shiminzei Tanto)

Tel : 054-626-2149

Sa mga nakatira sa Siyudad ng Yaizu sa Enero 1 at residente ng Japan na mahigit isang taon ay dapat magbayad ng Buwis sa Residensya: Juminzei ayon sa kinita.

① **DEKLARASYON**

Sa pagitan ng Pebrero 16 at Marso 15 bawat taon, dapat magdeklara ng kita sa nakaraang taon sa Munisipyo. Gayunpaman, ang nakapag-deklara sa tanggapan ng buwis at nagsumite sa lungsod na inuulat ukol sa suweldo mula sa kumpanya ay hindi kailangang magsumite ng deklarasyon sa tanggapan ng munisipyo.

② **ABISO**

Ipapadala ang abiso ng bayaran sa kalagitnaan ng Hunyo. Sa magpapabawas sa suweldo, ang halaga ng buwis ay pinapadala sa kumpanya sa kalagitnaan ng Mayo.

③ **KAPAG AALIS NG BANSA**

Kailangan bayaran lahat ng natitirang Buwis sa Residensya: Juminzei bago umalis ng bansa.

3 BUWIS NG ARI-ARIAN · BUWIS NG PLANO SA LUNGSOD

(KOTE SHISAN ZEI · TOSHI KEKAKU ZEI)

Seksyon sa Buwis (Tagapamahala ng Lupa) Kazeika (Tochi Tanto) Tel : 054-626-1149

Tagapamahala ng Gusali (Kaoku Tanto) Tel : 054-626-2150

(Halaga ng Ari-arian / Tagapamahala ng Buwis) (Shokyakushisan / Shozei Tanto)

Tel : 054-626-1142

Bilang ika-1 ng Enero, ang mga nagmamay-ari ng lupa, bahay at mga ari-arian ng nasasakupan sa syudad ng Yaizu ay dapat magbayad ng buwis ayon sa presyo ng ari-arian. Gayundin, sa lupa at bahay na matatagpuan sa mga lugar ng pagpaplano ng lungsod, ang mga buwis sa pagpaplano ng lungsod ay dapat ding bayaran.

Darating ang notipikasyon sa gitna ng buwan ng Mayo.

4 BUWIS NG MALILIIT NA KOTSE / KLASIPIKASYON

(KEJIDOSHA ZEI(SHUBETSU WARI))

Seksyon sa Buwis (Kazeika) Halaga ng Ari-arian · Tagapamahala ng Buwis

(Shokyakushisan) Tel : 054-626-1142

Sa Abril 1, ang nagmamay-ari ng kotse at motorsiklo na mas mababa sa 660 cc ay dapat magbayad ng buwis(Klasipikasyon) sa sasakyan ayon sa uri nito. Makakatanggap ng paunawa sa buwis sa kalagitnaan ng Mayo.

5 BUWIS NG PAMBANSANG SEGURO SA KALUSUGAN

(KOKUMIN KENKO HOKEN ZEI)

Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) Tel: 054-626-1113

Ang dahilan bakit mababa lamang ang mababayaran ng mga taong pasok(nagbabayad) sa Pambansang Seguro sa Kalusugan kapag nagpapatingin sa Ospital ay dahil ang parsyal na gastusin sa mediko ay pagtatakpan ng Buwis ng Seguro. Kaya ay ugaliin makabayad ng Buwis sa Seguro.

Ang buwis ng Seguro nag-iiba ang pag ka-kalkula depende sa kalagayan ng kinikita, ari-arian at bilang ng kasapi sa kabahayan. Para sa karagdagan impormasyon ay balikan lamang ang pang-9 na pahina.

6 BAYARAN NG BUWIS (NOZEI)

Seksyon tungkol sa Bayarin ng Buwis (Nozei Sokushin-ka) Tel : 054-626-1140

Babayaran sa institusyong pinansyal, post office o convenience store ang payment slip (nakalakisap sa sulat kasama ng abiso) sa bawat deadline ng pagbayad nito.

At kapag nag-aplay ng account transfer payment, ang bayad nito ay direktang ikakaltas mula sa bangko sa bawat deadline nito.

Maaari din magbayad sa pamamagitan ng credit card, magpunta sa Website ng 「Yahoo! KOKINSHIHARAI 公金支払い」 (※Simula sa Abril 2022 ang tawag nito ay F REGI KOKINSHIHARAI 公金支払い) gamit ang kompyuter o Smart Phone.

Maaari din magbayad sa pamamagitan ng pag-scan ng bar code at bayaran gamit ang 「PAY PAY」 「LINE PAY」 .

Kapag may problema ukol sa bayaran ng buwis, mangyaring kumonsulta sa Munisipyo.

●KONSULTASYON NG BAYARAN SA BUWIS SA GABI AT LINGGO

Tumatanggap ng konsultasyon ukol sa bayaran ng buwis tuwing gabi ng Huwebes at tuwing pang-apat na Linggo ng buwan. Ang mga sumusunod ay ang oras ng tanggapan.

- Tuwing gabi ng Huwebes ---- hanggang 8:00pm.

- Pang-apat na Linggo ng Buwan---- 9:00am~4:00pm.

- ※ Walang Interpreter sa bawat huwebes ng gabi.

- ※ May Interpreter ng Ingles, Tagalog, Bisaya, at Portuges sa ika-4 na linggo kada buwan.(Walang Interpreter: 12:00 pm~1pm)

◆ **NURSERY · KINDERGARTEN · PAARALAN**
(**HOIKU SHO · YOCHI EN · GAKKO**)



1 NURSERY (HOIKU SHO)

Seksyon ng Nursery at Kindergarten (Hoiku Yochien-ka) Tel : 054-626-2772

May nursery para sa mga taong hindi maalagaan ang bata ng dahil sa trabaho. May mga pamantayan para makapasok sa nursery, matatagap kung mapatunayan na kailangang alagaan ang bata. Mangyaring komunsulta ukol sa pamantayan at proseso sa Seksyon ng Nursery at Kindergarten at sa Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan ng Oigawa.

2 KINDERGRATEN (YOCHIEN)

Seksyon ng Nursery at Kindergarten (Hoiku Yochien-ka) Tel : 054-626-2772

Ang mga batang may edad na 3 hanggang 5 ay maaaring makapasok subalit hindi ito sapilitan. Iba't-iba ang antas ng edad na maaaring tanggapin ng bawat kindergarten.

【Kindergarten na Publiko】

Mapapasukan ng batang 4~5 taong gulang — Otomi Yochien, Satsuki Yochien

Mapapasukan ng batang 3~5 taong gulang — Shizuhama Yochien, Shizuhama Yochien

Shimofuji Bunen, Oigawa Nishi Yochien, Oigawa Minami Yochien

Pribadong Kindergarten – Direktang kontakin ang bawat kindergarten.

● **Proseso ukol sa pagpasok sa mga Pampublikong Kindergarten**

Kapag nais ipasok sa publikong kindergarten, punan ang porma ng aplikasyon:Gansho ng kinakailangang impormasyon at isumite sa kindergarten. Ang porma ng aplikasyon ay nasa bawat kindergarten at tinatanggap kahit kailan. Sa pagpasok sa kindergarten ay mayroong bayarin.Para sa karagdagang katanungan, Direktang kontakin ang bawat kindergarten.

● **Halaga ng Nursery fee**

Kapag papasok sa nursery,maliban sa mga taong nalalapat sa ilang kondisyon,ang Nursery fee ay kailangan. Kinakalkula ang bayad sa nursery ay pagdedesyunan depende sa Buwis sa Residensya ng tagapangalaga. Kung may ibang pang tao na namumuno sa pag-aalaga sa bata maliban sa ama/ina o ang nagsisilbing tao ng tumatanggap ng sahod ay maliban sa magulang (lolo't lola atbp.),pagdedesyunan ang bayad batay sa pinataw na buwis ng nasabing tao.

Ukol sa karagdagang katanungan tumawag sa Seksyon ng Nursery at Kindergarten.

3 MABABANG PAARALAN AT JUNYOR HAIKUL (SHAGAKKO AT CHUGAKKO)

Sa punto ng ika-1 ng Abril,sa mga magulang na may anak na nasa edarin 6~14 taong gulang,para sa ikakabuti ng paglaki ng anak,tayo ay maghanda para sa kanilang papasukang paaralan.

Pag-ulat ng Paglipat (Yaizu City Hall,Seksyon sa Publikong Serbisyo o

Sentro ng Serbisyonng Mamamayan ng Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta)

Matapos na maipasa ang Notipikasyon para sa Paglipat, ang susunod na gagawin ay magtungo sa Yaizu Board of Education,Sentro ng Pangkalahatang Pangangasiwa ng Edukasyon.Tumawag muna at magpaserba bago magpunta.

Konseho ng Edukasyon, Seksyon para sa Edukasyon sa Paaralan,Sentro ng Edukasyon,

(KYOIKU IINKAI, GAKKO KYOIKU-KA,KYOIKU SENTA)

Munisipyo sa Oigawa (Oigawa Chosha) Tel: 054-631-4811

Kahit na hindi mag-aaral sa mga Munisipal na Pampublikong Elementarya, Junior High school ng Yaizu city ay nararapat parin na magtungo sa Board ng Edukasyon, Yaizu Board of Education,Sentro ng Edukasyon(Gakko Kyoiku-ka,Kyoiku Senta).

Kung papasok sa paaralan para sa mga banyaga:
Ang Board ng Edukasyon ay kukumpirmahin ang pangalan at distrito ng paaralan.

Kung hindi papasok sa paaralan:
Ang Board ng Edukasyon ay hihingi ng karampatang rason at magbibigay ito ng konsultasyon.

Kung nais na mag-aral sa mga papublikong elementarya, junior, o senior high school sa Lungsod ng Yaizu:

- May 6 na taon na kurikulum ang elementaryang paaralan at nag uumpisa ito sa buwan ng Abril at sa edad na 6 taong gulang.
- May 3 taon na kurikulum ang junyor haiskul na paaralan at nag uumpisa ito sa buwan ng Abril at sa edad na 12 taong gulang.
- Paaralan at aklat ay walang bayad sa paaralan ng munisipalidad. Ang mga gastusin tulad ng tanghalian, kagamitan sa paaralan, Field Trip ay may bayad
- Salitang Hapon ang gamit sa klase t sa mga pang-araw-araw na aktibidad sa paaralan.
- Kung hindi marunong magsalita ng Hapon ang bata, maaaring humingi ng tulong ang magulang sa mga support staff sa paaralan para sa lenguahe at sa mga aralin.



—PAMAMARAAN NG APLIKASYON (HAIRU TAME NO TETSUZUKI NO SHIKATA)—

1 PUMUNTA SA KONSEHO NG EDUKASYON PARA SA PROSESO

- (1) Tawagan ang Konseho ng Edukasyon, Seksyon ng Paaralan at Edukasyon, Sentro ng Edukasyon (KYOIKU IINKAI, GAKKO KYOIKU-KA, KYOIKU SENTA) para sa petsa at oras ng pulong ng aplikasyon.
- (2) Dalhin ang pasaporte at tarheta ng tirahan ng magulang at anak, gawin ang aplikasyon sa Konseho ng Edukasyon. Dalhin kung merong selyo (hanko)
- Paunawa: Sa hindi nakaiintindi ng salitang hapon, magsama ng tagasalin

2 MAKINIG SA PALIWANAG TUNGKOL SA PAARALAN

- (1) Pagkatapos ng aplikasyon sa Konseho ng Edukasyon/Seksyon ng Paaralan at Edukasyon/Sentro ng Edukasyon (KYOIKU IINKAI, GAKKO KYOIKU-KA, KYOIKU SENTA), tawagan ang itinalagang paaralan, at ipaalam na gustong makatanggap ng paliwanag, at petsa at oras sa pagpupulong.
- (2) Magpunta sa paaralan upang making tungkol sa tuntunin, buhay-paaralan, bayaran, atbp.
- (3) Pag-usapan kung kailan nakatakda ang araw ng pagpasok sa paaralan.
- Paunawa: Sa hindi nakaiintindi ng salitang hapon, magsama ng tagapagsalita

※ILANG PAUNAWA

- Kapag hindi pormal na lumipat sa Yaizu city ay hindi makapasok sa paaralan.
 - Ang paaralan na papasukan ay pinag papasiyahan sa distrito depende sa lugar ng paninirahan. Magbabago din ang paaralan kapag lilipat.
 - Makapasok sa baitang na angkop sa edad.
 - Dahil kadalasan ay magka-iba ang araw ng proseso ng Konseho ng Edukasyon at Paaralan, may pagkakataon na ito ay aabot ng ilang araw.
 - Ang kondisyon sa pagtanggap ng edukasyon sa paaralan ay kagaya lamang sa mga batang Hapones. At pinapaalala na sundin ang tuntunin ng paaralan.
 - Kung may kasaysayan ng pag-aaral sa bansang Hapon o lilipat sa ibang paaralan ng bansang Hapon, ito ay kinakailangan ipaalam sa Konseho ng Edukasyon.
 - Kung titigil sa pag-aaral, kailangang ipaalam din ito sa paaralan.
- * Tungkol sa mga bagay na hindi maintindihan, tumawag sa Konseho ng Edukasyon

Matatawagan

Konseho ng Edukasyon ng Yaizu

Seksyon ng Edukasyon ng Paaralan

(Yaizu-shi Kyoiku linkai, Gakko Kyoiku-ka)

Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main Branch 6th floor

[TEL:054-625-8160](tel:054-625-8160)

Konseho ng Edukasyon ng Yaizu city

Seksyon ng Paaralan at Edukasyon Sentro ng Edukasyon

(Yaizu-shi Kyoiku linkai ,Gakko Kyoiku-ka,Kyoiku Senta)

Yaizu-shi Munadaka 900 Munadaka Yaizu City Hall Oigawa Branch 2nd floor

TEL: 054-662-0586

◆SUPORTA SA BATA · SERTIPIKO NG BENEPISYO NG MEDIKAL NA GASTUSIN SA MGA BATA (JIDO TEATE · KODOMO IRYOHI JUKYU SHA SHO)

Seksyon sa Suporta ng Pag-aalaga ng Bata (KOSODATE SHIEN-KA) Tel : 054-626-1137

1 SUPORTA SA BATA (JIDO TEATE)

Sa nagpapalaki ng mga bata na wala pang 15 taong gulang ay makakatanggap ng suporta sa bata, makatanggap hanggang sa edad na 15 taong gulang.

Magsumite ng aplikasyon upang makatanggap ng suporta sa bata, kailangang mag-aplay pagkapanganak o kapag lumipat sa Yaizu city.

Para sa karagdagang detalye tumawag sa Seksyon sa Suporta ng Pag-aalaga ng Bata.

Matatanggap na Halaga (buwanang Halaga · bawat tao)

Klasipikasyon	Halaga sa Limitasyon ng kita	Humigit sa Halaga sa Limitasyon ng kita
3 taong sulang pababa	15,000 yen	5,000 yen (kalahatan)
3 taon pataas hanggang sa elementarya (una at pangalawa na anak)	10,000 yen	
3 taon hanggang elementarya (mula sa pangatlong anak)	15,000 yen	
Estudyante ng Junyur Haikul	10,000 yen	

* Kabilang ang una at pangalawang anak sa bilang ng bata na nag 18 taong gulang sa unang Marso 31.

2 SERTIPIKO NG BENEPISYARYO NG MEDIKAL NA GASTUSIN SA MGA BATA (KODOMO IRYOHI JUKYU SHA SHO)

Para sa mga batang wala pang 18 taong gulang na mayroong seguro sa kalusugan, makakatanggap ng sertipiko ng benepisyaryo ng medikal na gastos sa mga bata. Kakailanganin ang aplikasyon para sa pagbibigay ng SERTIPIKO NG BENEPISYARYO NG MEDIKAL NA GASTUSIN SA MGA BATA. Kung ipapakita ang

Kard ng seguro sa kalusugan at Sertipiko ng benepisyaryo ng medikal na gastos sa mga bata sa isang institusyong medikal, makakatanggap ng subsidiya gaya ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba

BALANGKAS NG SISTEMA

Edad ng Benepisyaryo		Magtatapos ang pagtanggap sa unang Marso 31 ng edad na 18. (Sa pinanganak sa Abril 1, tatanggap hanggang sa naunang buwan ng Marso 31)
Kapag na-admit sa Ospital	Sariling bayad	Libre
	Karaniwang antas ng halaga sa bayad ng pagkain at gamot	Angkop sa subsidiya
Pagpupunta sa Ospital para magpasuri	Sariling bayad	Libre

[PANGUNAHING LUNAS]

◆ SUNOG (KAJI) · BIGLAANG SAKIT (KYUBYO) · AKSIDENTE SA GAS (GAS JIKO)

Pag mayroong sunog, aksidente, biglaang sakit o sakuna, maging mahinahon at tumawag sa nakatalang numero.

Sunog, biglaang sakit, aksidente, pagsingaw ng gas o pagsabog ng gas	Tel:119 (Bumbero / Shobou Sho)
--	--

Walang bayad ang pag-tawag sa 119 sa pam-publikong telepono.

1. SUNOG (KAJI)

- (1) Sumigaw ng "KAJI!" sa malakas na boses upang mapansin ng ibang tao sa paligid.
- (2) Tumawag sa 119 (Bumbero), at ibigay ang "lokasyon, o palatandaan malapit sa sunog, at ang inyong pangalan."

2. BIGLAAN SAKIT (KYUBYO)

Kung kailangan ng madaliang lunas sa biglaang sakit, tumawag sa 119 (Bumbero) at ibigay ang lokasyon (o palatandan sa inyong kinaroroonan), at ang inyong pangalan at sintomas.

3. AKSIDENTE SA GAS (GAS JIKO) (Butas sa tubo(pagsingaw) ng Gas O Pagsabog)

- (1) Ang pag-gamit ng hindi maayos at sirang aparato ng gas ay maaring sanhi ng aksidente. Kung may naa-amoy kayo sa inyung aparato ng gas, patayin kaagad at buksan ang mga bintana. Huwag ninyung buksan o gamitin ang mga aparato ng kuryente at gas.
- (2) Tumawag sa kompanya ng gas o sa tindahan ng propan gas upang mapatingnan kung may depekto.

◆ **AKSIDENTE SA DAAN (KOTSU JIKO) · KRIMEN (HANZAI)**

Sa aksidente at krimen, maging mahinahon at tumawag sa naitalang numero sa ibaba.

Krimen, Aksidente sa daan	Tel : 110 / Pulis (Keisatsu)
Kung may Napipinsala	Tel : 119 / Bombero (Shobo Sho)

Walang bayad ang pag-tawag sa 110 at 119 sa pam-publikong telepono.

1 AKSIDENTE SA DAAN (KOTSU JIKO)

• Kung may napipinsala, unang tumawag sa 119 at pagkatapos sa 110 (Pulis)

Alamin ang pangalan, tawagan, tirahan at plaka ng sasakyan sa na kabanggaan.

2. KRIMEN (HANZAI)

(1) Kung may nakawan, o krimen, na nakita o nakaranas tumawag sa 110.

Ang patrol na sasakyan ng pulis ay pinapapunta kaagad habang kayo ay tumatawag sa 110. Dapat mahinahon upang maibigay ang detalye sa operator.

Ibigay ang impormasyon :

Anong nangyari? Saan? Kailan? Sino ang may gawa ng krimen? May napinsala ba? Ibigay ang inyung tirahan, pangalan at numero ng telepono.
--

Kung ikaw ay tumatawag sa cell phone, kailangang ibigay sa operator ang lokasyon at mga palatandan ng inyung kinaroroonan.

(2) Sa panahon ng kagipitan at emerhensya, Dapat marunong magsalita ng hapon sa pagbibigay ng inyong lokasyon at palatandaan ng inyong kinaroroonan.

Kung hindi kayo maka pagsalita ng hapon, maaring maki-suyo sa nakakapagsalita. Sa hindi emerhensya na pagtawag (mga katanungan) tumawag sa numero sa ibaba.

Departamento ng Pulisya ng Yaizu (Yaizu Keisatsu Sho) Tel : 054-624-0110

Pamunuan ng Pulisya ng Shizuoka Tel : 054-271-0110 (Shizuoka Ken Keisatsu Honbu)

#9110 (Linya ng Konsultasyon sa Pulisya)

◆ SAKUNA (LINDOL · BAGYO)

1 LINDOL (JISHIN)

- Una, protektahan ang sariling kaligtasan. Kung mahina na ang pag-yanig, siguraduhin na walang naka bukas na kasangkapan na maaring mag simula ng sunog. Kung lalabas, mag-ingat sa mga basag na bintana, o mga nahuhulog galing sa bubong. Magsuot ng helmet.
